

Seattle Fire Prevention Division

220 3rd Avenue South

Seattle, WA 98104-2608 Email: permits@seattle.gov



Rehiyonal na Programa sa Inspeksyon sa Food Truck

Lumalahok ang Seattle sa bagong rehiyonal na programa sa inspeksyon sa food truck. Ang mga food truck ay maaari na ngayong tumanggap ng checklist ng rehiyonal na inspeksyon mula sa alinman sa [mga kasaling fire department](#), at ang inspeksyong iyon ay kikilalanin ng lahat ng kasaling fire department, kabilang ang Seattle Fire Department bawat taon. Kapag mayroong katibayan ng inspeksyon mula sa ibang hurisdiksyon, makakatanggap ka ng may diskwentong food truck permit mula sa karamihan ng mga hurisdiksyon, kabilang ang Seattle. Ang isang permit ay kinakailangan sa pangkalahatan mula sa bawat hurisdiksyon kung saan ka nagpapakabo. Bukod pa sa checklist ng rehiyonal na inspeksyon, ang mga inspektor ay maaaring magsagawa ng mga biglaang inspeksyon sa mga event para matiyak ang pagkakaroon ng mga ligtas na operasyon sa buong taon.

Mga Permit

Sa Seattle, [ang isang food truck permit at inspeksyon](#) ay nagkakahalaga ng \$422 (permit code 8206-TRK). Gayunpaman, kung magbibigay ka ng kopya ng checklist ng rehiyonal na inspeksyon na isinagawa ng ibang hurisdiksyon sa nakalipas na 12 buwan, magiging \$352 na lang ang food truck permit sa Seattle (permit code 8206-RGL). Maaaring magbigay ng mga refund kung magbayad ka para sa permit sa Seattle na may kasamang inspeksyon at ipinagawa mo ang inspeksyon sa ibang hurisdiksyon. Nasa website namin ang mga application para sa permit: <http://www.seattle.gov/fire/business-services/permits#howtoapplyforapermit>

Mga Inspeksyon

Kailangang makapasa sa inspeksyon ng fire department ang iyong food truck bawat taon. Gagamitin ng lahat ng kasaling hurisdiksyon ang [checklist ng rehiyonal na inspeksyon](#) sa mga inspeksyong ito at maaaring may mga karagdagang hinihingi ang mga ito na partikular sa kanilang hurisdiksyon. Maaari kang magbigay ng katibayan ng inspeksyon na naipasa sa nakalipas na 12 buwan sa mga kasaling hurisdiksyon sa halip na kumpletuhin ang mga karagdagang taunang inspeksyon sa bawat hurisdiksyon.

Sa Seattle, kapag natanggap mo na ang iyong permit, maaari mo nang patakbuhan ang negosyo mo. May inspektor mula sa Seattle Fire Department na biglaang darating para inspeksyunin ang iyong food truck nang kahit isang beses man lang sa susunod na 12 buwan. Hindi kailangang iiskedyul ang inspeksyon o dalhin ang iyong truck sa isang partikular na lokasyon para ipainspeksyon ito. Gagamitin ng inspektor ang [checklist ng rehiyonal na inspeksyon](#) habang isinasagawa ang inspeksyon. Kapag tapos na ang inspeksyon, makakatanggap ka ng ulat ng inspeksyon sa pamamagitan ng email. Mag-print at magtabi ng kopya ng ulat ng inspeksyon kasama ang iyong mga permit bilang katibayan ng iyong rehiyonal na inspeksyon kapag bumibiyahe patungo sa iba pang kasaling hurisdiksyon.

Pakitandaan na maaaring isagawa ang inspeksyon sa Seattle anumang oras sa buong taon pagkatapos mong matanggap ang iyong permit at hindi ka makakatanggap ng nakumpletong ulat ng inspeksyon hanggang sa matapos ang inspeksyon. Kung hindi mahahanap ng inspektor ang iyong truck sa buong taon at hindi ka magbibigay ng katibayan ng rehiyonal na inspeksyon, maaaring hilingin sa iyo na dalhin ang iyong truck sa isang tinukoy na lokasyon para mainspeksyon ito. Pakisuri ang impormasyon sa website ng bawat hurisdiksyon kapag pumipili kung sa aling hurisdiksyon mo gustong magiskedyul ng inspeksyon.